Mga Sanggunian ng COVID-19

Karahasan sa Tahanan habang nasa Pagbubukod:
Alam naming lumalago ang pang-aabuso at karahasan habang nasa pagbubukod. Bukas ang API Chaya na nakatuon sa paglilingkod. Alam naming maraming tao ang mas nananatili sa bahay, at may mas kaunting access sa komunidd at iba pang mapagkukunang nakukuha mula sa pagtatrabaho at iba pang pang-araw-araw na gawain (pagsakay sa pampublikong sasakyan, pagpunta sa gym, mga panlipunang aktibidad, atbp.) Alam naming naapektuhan at magkakaugnay ang ating mental, espirituwal at pisikal na kalusugan. Alam naming nagtataguyod ang mga komunidad ng may kapansanan ng mga network at mapagkukunan para sa mahabang panahon, at ipinagpapatuloy ng aming gawain ang pamanang iyon.

BUKAS ANG API CHAYA

Lumipat kami sa mga remote na pamamalakad. Available kami sa amin helpline (1-877-922-4292) at office line (206-467-9976) mula Lunes hanggang Biyernes, 10am hanggang 4pm.
Mga Sanggunian pagkatapos ng oras ng trabaho:
National Domestic Violence Hotline: 1-800-799-7233
King County Sexual Assault Resource Center: 1-888-998-6423
National Human Trafficking Hotline: 1-888-373-7888
Sana at maipagpatuloy natin ang bilang isang komuniad ang pagsasagawa ng kolektibong pangangalaga, umaasa kaming suuportahan ng sanggunian na ito ang pagasagawa nito.

Suportahan ang mga Negosyo sa Chinatown/International District:
Dahil sa xenophobia at stigma sa mga negosyo ng mga Asian American, iniiwasan ng mga taong suportahan ang maliliit na negosyo at restawran sa Chinatown-International District ng Seattle sa loob ng maraming buwan na ngayon.

Iniulat ng ilang may-ari ng negosyo ang 60% pagkalugi sa negosyo. Ilang may-ari ang dumaan pa sa mahirap na pagdedesisyon na magtanggal ng mga emoleydo o pagsasara ng negosyo.
Ang pagpunta at pagsuporta sa mga negosyo ng AAPI ay isang bagay na puwede nating gawin para tulungan ang mga taong direktang naapektuhan ng stigma na laban sa mga Asia, habang kumakain at namimili sa mga mapagkakatiwalaang establisyemento.

Mga Sanggunian ng APA Labor Alliance:
Sa Washington State, patuloy na babayaran ang lahat ng pampublikong empleyado sa panahong ito. Gayunpaman, kapag walang pederal na patakaran na gumagarantiya sa may bayad na sick leave at sapat na saklaw ng pangkalusugang insurance para sa lahat ng manggagawa, maraming manggagawa ang talagang napigilan na makasunod sa patnubay ng CDC na manatili sa bahay kapag may sakit.

Tingnan ang tool kit ng APALA sa kauuan nito rito. Tingnan din ang mga sanggunian sa paglaganap ng COVID-19 ng AFL-CIO.

Pang-ekonomiyang Suporta para sa mga Indibidwal: Tulong sa pagpunan ng mga form sa tiyak na wika:

Matutulungan ka ng Chinese Information Service Center na punan ang mga form at aplikasyong kailangan para maging kuwalipikado para sa suporta kaugnay ng COVID-19. Bumisita sa kanilang website sa https://cisc-seattle.org/covid19/ para ma-access ang mga sanggunian at direktang makipag-ugnayan sa mga kawani na makatutulong sa iyo!